PAG-ULAT NG NAISAGAWA

SA BAITANG PAMPAARALAN:

PARA SA KAALAMAN NG MGA MAGULANG

Calgary Board of Education

Pagtuturo ngayon sa mga kinabukasang mamamayan

GLAR / Tagalog Translation
Revised March 2008

Ang aklat na ito ay ihinanda upang matulungan ang mga magulang na maunawaan ang pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan, na ihinarap ng Edukasyon ng Alberta, simula pa ng Hunyo 2007, sa larangan ng mga sumusunod na paksa: Sining ng Wikang Ingles, Sining ng Wikang Pranses (Imersyon) at Matematika.

Hindi magbabago ang paraan ng pangkasalukuyang pagpapahayag ng mga guro tungkol sa naisagawa nang inyong anak. Ang mga guro ay tuloy pa ring magbibigay ng regular na ulat (report card), na nagsasalaysay ng mga naisagawa ng bata. Aanyayahan kayo sa paaralan upang ipakita ang mga gawain ng bata at upang pag-usapan ang kanyang pagsulong. Bukas ang kanilang pinto sa inyong tawag o "email" sa lahat ng panahon upang pag-usapan ang naisagawa ng bata. Ang mga guro ay mananatiling makikipagugnayan at makikiisa sa inyo upang alalayan ang pag-aaral ng bata.

Ang Pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan (NBP) ay magbibigay ng karagdagang kaalaman tungkol sa naisagawa ng inyong anak. Kahit itong taon pa lamang ihinarap ng Lupon ng Edukasyon ng Calgary ang pag-ulat ng NBP, sampung taon nang nakaraan nang unang ipahayag ito sa sistema ng iskuwelang publiko ng Edmonton dahil hiniling ito ng mga magulang para sa pag-aaral ng kanilang anak. Nitong mga nakaraang taon ang paaralang sistema ng Parkland ay nag-umpisa na rin sa pag-ulat ng NBP sa mga magulang. Ngayon nais ng Edukasyon ng Alberta na lahat ng paaralan ay magbigay ng kaalamang NBP sa mga magulang at sa Edukasyon ng Alberta.

Ang ilang kaalaman sa aklat na ito ay isinunod sa Edukasyon ng Alberta, 2006, *Librong Pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan para sa Guro at Administrador.*

Pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan

Kaalaman Para Sa Mga Magulang

Umaasa kaming masasagot ng aklat na ito ang karamihan ng inyong katanungan tungkol sa pag-ulat ng NBP. Kung sakali mang may mga tanong kayo tungkol sa NBP ng inyong anak, maaari sana ay iparating ninyo sa guro ng bata.

1. Ano ang pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan o NBP?

Inuutos ng Edukasyon ng Alberta sa lahat ng mga guro simula sa ika-1 (isa) hanggang ika-9 (siyam) na baitang na mag-ulat ng NBP para sa bawat estudyanteng nag-aaral ng may-markang Programa ng Alberta (graded) sa mga Kurso ng Sining ng Wikang Ingles, Sining ng Wikang Pranses (Imersyon) at Matematica.

Ang NBP ay ihahayag na **nasa** (NAS), **mas mataas** (MAT) o **mas mababa** (MAB) sa nakatalang baitang pampaaralan ng estudyante. Ito ay isang malawak na panukat na bumubuo, sa pamamagitan ng isang bilang, lahat ng kaalaman tungkol sa naisagawa ng bata, na inyong natanggap sa buong taon sa pamamagitan ng mga ulat (report card) at pagpupulong sa guro.

Karamihan ng mga estudyante ay nag-aaral ng may-markang Programa ng Alberta (graded) sa mga Kurso sa Sining ng Wikang Ingles, Sining ng Wikang Pranses (Imersyon) at Matematica at isang NBP ang ipapahayag para sa mga estudyante, maliban lamang sa ibang mga kalagayan na maaaring basahin sa Tanong 8 hanggang 10, sa pahina 8 hanggang 10.

© Calgary Board of Education 2007
Revised March 2008

2. Paano mapapasiyahan ng mga guro ang Naisagawa sa Baitang Pampaaralan ng aking anak?

Iniutos ng Programang Kurso ng Alberta (kurikulum) na magbigay ng bungang aralin (learner outcome) sa bawat paksang (subject) kinukuha sa bawat baitang pampaaralan at ang guro ay magpapasiya ng NBP ng estudyante batay sa resulta.

Ang NBP ng estudyante ay ibabatay sa **katibayan** ng kanyang **naisagawa** na kukunin sa mga bungang aralin ng estudyante na bunga ng **lahat** ng gawain pang silid-aralan at pagsusuri **sa loob ng** buong taong pagaaral.

Tinatanaw ng Edukasyon ng Alberta na, sa isang pangkaraniwang silid-aralan, ang bawat estudyante ay maaaring magpakita nang iba't-ibang uri ng kakayahan. Maaaring mas mahusay sila sa isang bungang aralin at mas mahina sa iba. Hindi kailangan na lubos na makamtan ng mga estudyante ang lahat ng bungang aralin sa isang baitang pampaaralan para magtamo ng matatanggap na grado sa kurikulum.



© Calgary Board of Education 2007

Ang NBP ay hindi maaaring ibatay sa isang pagsusuri lamang.

Ang NBP ay hindi maaaring ibatay sa mga pagsusuring pangkaraniwan (norm-referenced standardized tests) na binuo ng isang bahay-kalakal na nag-uulat (publishing company). Ang mga pagsusuring ito ay walang kaugnayan sa bungang aralin ng estudyante sa Programang Kurso ng Alberta. (Tingnan ang *Librong Pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan Para sa Guro at Administrador*, pahina 29 hanggang 32, na may mahalagang kaalaman.)

Ang NBP ay hindi maaaring ibatay sa mga ibang bagay tulad ng paglalahok, pakikitungo, kalinisan, kasipagan o gawi.

Pagsubaybay ng sinabi at ginawa ng mga estudyante



Pagkausap sa mga estudyante tungkol sa pag-unawa ng kanilang trabaho

Pagsusuri ng gawain ng mga estudyante (arawang tala, gawain ng kakayahan, "portfolios", gawaing bahay, pagsusuri, at iba pa)

Ang mga guro ay gumagamit ng sari-saring paraan upang kumuha ng katibayan sa naisagawa ng estudyante batay sa bungang aralin.

© Calgary Board of Education 2007

3. Paano ipapaalam sa akin ang Naisagawa sa Baitang Pampaaralan ng aking anak?

Ang NBP ng inyong anak ay ipapahayag na **nasa** (NAS), **mas mataas** (MAS) o **mas mababa** (MAB) sa kanyang nakatalang baitang pampaaralan at matatanaw ito sa isang nakabukod na lugar ng kahuli-hulihang ulat (report card) sa buwan ng Hunyo.

Ang NBP ay iuulat taon-taon magmula Hunyo 2007 para sa mga Kursong Sining ng Wikang Ingles, Sining ng Wikang Pranses (Imersyon) at Matematika.

4. Bakit dapat mag-ulat ng Naisagawa ng Baitang Pampaaralan?

Ang pag-ulat ng NBP sa Edukasyon ng Alberta ay maghahandog ng mahalagang kaalaman taon-taon sa probinsiya, sa sakop ng paaralan at sa mga paaralan tungkol sa tagumpay ng mga estudyanteng nasa ika-1(isa) hanggang ika-9 (siyam) na grado.

Ang kaalamang magbubuhat sa NBP ay magpapahiwatig kung gaanong kagaling ang mga ibat-ibang programang pang-estudyante at kung ano pa ang magagawa upang pabutihin ang pagaaral ng estudyante.

Ang kaalaman ng NBP ay makakatulong sa pagbuo ng mga programa at patakaran, sa mga baitang ng probinsiya, sakop ng paaralan at paaralan.

© Calgary Board of Education 2007

5. Ano ang kabuluhan ng pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan para sa estudyante?

Ang Lupon ng Edukasyon ng Calgary (LEC) ay nakikipag-ugnayan sa mga guro upang bumuo ng mga pamamaraan na tutulong sa mga guro para mapatunayan ang naisagawa ng estudyante batay sa bungang aralin ayon sa Programang Kurso ng Alberta sa Sining ng Wikang Ingles, Sining ng Wikang Pranses (Imersyon) at Matematica.

Ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa NBP ng estudyante at bungang araling natamo nila ay makakatulong sa mga guro sa paghahanda ng paraang pagtuturong maibabagay sa mga pangangailangan at kakayahan ng mga estudyante.

Ang NBP ay malaking tulong sa pagsali ng mga estudyante sa pagsusuri (sa pag-unawa ng layunin ng pag-aaral, sariling pagsusuri at pagtakda ng layunin).

6. Ang pag-ulat ba ng NBP ay nangangahulugan na ang ilang estudyante ay mananatili o uusod-grado (accelerated)?

Sa pag-uulat ng NBP, hindi mababago ang pamamaraan ng LEC sa bahagi ng pagpapanatili o pag-uusod-grado.

Napag-alaman sa mga pananaliksik na isinagawa na hindi nakakatulong ang pagpanatili o pag-usod-grado sa pagpapatupad ng estudyante. Maliban lamang sa ilang bihirang pangyayari, na ang estudyante ay sinuri at pinatotohanang matalino sa nag-iisang paksa, ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakita na makakabuti sa estudyanteng manatili sa kanilang sariling klase

© Calgary Board of Education 2007

at ibagay ang pagtuturo sa kanilang pang-sariling pangangailangan at kakayahan.

Ang mga guro ng LEC ay nagbibigay ng kahalagahan at suporta sa mga estudyanteng nagnanais makamtan ang pinakamahusay na pamantayan sa gradong pinapasukan nila.

And mga guro ay hindi maaaring mag-ulat ng NBP na mas mataas sa kanyang gradong pinapasukan maliban lamang kung tinuro nila ito at sinuri ang naisagawa ng estudyante sa lahat ng mga bungang aralin (learner outcomes) sa mas mataas na grado, at hindi lamang sa ilang resulta.

7. Ano ang kabuluhan ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan para sa magulang?

Mabibigay-alam sa mga magulang ang NBP ng kanilang anak at ang kaugnayan nito sa may-markang Programang Kurso ng Alberta.

Ang NBP ay magiging katunayan ng mga kaalamang natanggap sa loob ng buong taong pampaaralan na makakatulong sa pag-aaral ng bata.

8. Paano matutukoy ang Naisagawa sa Baitang Pampaaralan ng mga estudyante ng Ingles na Pangalawang Wika (IPW).

Ang NBP ay iuulat para sa mga estudyante ng IPW na nagpapatupad ng ika-3 (tatlo), ika-4 (apat) at ika-5 (limang) baitang ng Sukat ng Kakayahan sa Wikang Ingles (English Language Profiency Benchmark) ng LEC, dahil ang pinag-aaralan ng mga estudyanteng ito ay ang may-markang Programang Kurso ng Alberta.

© Calgary Board of Education 2007

Isusulat ang N/A (not applicable) para sa estudyante ng IPW na nagpapatupad ng ika-1(isa) at ika-2 (dalawang) baitang ng Sukat ng Kakayahan sa Wikang Ingles (English Language Proficiency Benchmark) ng LEC, dahil ang mga estudyanteng ito ay hindi pa nag-aaral ng may-markang Programang Kurso ng Alberta.

9. Paano iuulat ang Naisagawa sa Baitang Pampaaralan sa mga estudyanteng may tanging pangangailangan na kumukuha ng Programang Pansarili (PP)?

Ang nakakarami sa mga estudyante sa Programang Pansarili ay nagsisikap na makakuha ng mga bungang aralin ng may-markang Programang Kurso (graded Program of Studies), ngunit madalas ay labas ito sa kanilang pinasukang baitang. May iuulat na NBP para sa mga istudyanteng ito.

Mayroong maliit na grupo ng estudyante na nasa programang hindi batay sa bungang aralin ng may-markang Programang Kurso. Sila ay kumukuha ng Paghahandang Pampaaralan (Academic Readiness), Kasanayang Pasimula (Foundational Skills) at/o Kasanayang Pamumuhay (Life Skill). Ito ang tinatawag na walang-markang programa (non-graded). Walang hinihinging NBP ang Edukasyon ng Alberta para sa mga sinasabing estudyante. Nguni't kinakailangang ipaalam kung hanggang saan narating ng mga estudyante ang layunin at hangarin ng kanilang PP.

Mayroong mga di-pangkaraniwang pagkakataon na ang programa ng estudyante ay totoong naiiba, kaya maaaring mag-ulat ng N/A (not applicable). Sa mga kalagayang ito, ang mga tauhan ng paaralan ay makikipagpulong sa inyo.

© Calgary Board of Education 2007

Kung ang anak ninyo ay nasa Programang Pansarili, mangyari po lamang ay makipag-usap sa kanyang guro tungkol sa NBP ng inyong anak.

10. Paano matutukoy ang Naisagawa sa Baitang Pampaaralan ng mga estudyanteng kumukuha ng programang imersyon o "bilingual" (kaalaman ng dalawang wika)?

Ang mga estudyanteng kumukuha ng Programang Imersyon sa Pranses ay makakatanggap ng NBP sa Sining ng Wikang Pranses at Matematica sa ika-1 (isa) hanggang ika-9 (siyam) na baitang. Makakatanggap **din** sila ng NBP sa Sining ng Wikang Ingles magmula sa ikatlong baitang.

Ang mga estudyanteng nasa ika-pitong baitang na kumukuha ng kahulihang programang imersyon ng Pranses ay hindi makakatanggap ng NBP sa Sining ng Wikang Pranses hanggang ipagpatuloy nila ang programang imersyon sa ika-8 (walo) o ika-9 (siyam) na baitang.

Ang mga estudyanteng kumukuha ng programang "bilingual" (kaalaman ng dalawang wika) sa Mandarin, Aleman o Espanyol ay makakatanggap ng NBP sa Sining ng Wikang Ingles at Matematika katulad ng mga ibang programang regular.

11. Paano iuulat ang Naisagawa sa Baitang Pampaaralan sa mga estudyanteng kumukuha ng mga kursong Kaalaman (Knowledge) at Paghahanapbuhay (Employability) (K at P)?

Ang NBP ay iuulat sa mga estudyanteng ito, simula sa ika-8 (walong) baitang, ang unang taon na maaaring kumuha ang estudyante ng kursong K at P.

© Calgary Board of Education 2007

Susuriin ng guro ang naisagawa ng estudyante batay sa bungang aralin ng kursong K at P sa ika-8 (walong) baitang. Kung makakuha ang estudyante ng matatanggap na pamantayan (acceptable standard) batay sa mga resulta, ang iuulat ng guro ay isang NBP na **nasa** (NAS) kanyang nakatalang baitang pampaaralan.

Kung ang estudyante ay **hindi** makakuha ng matatanggap na pamantayan (acceptable standard) batay sa mga resulta, ang iuulat ng guro ay isang NBP na **mas mababa** (MAB) sa kanyang nakatalang baitang pampaaralan.

12. Ano ang kaugnayan ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan sa Pagsusuring Probinsiyal ng Naisagawa (PPN)(Provincial Achievement Test) sa ika-3 (ikatlo), ika-6 (anim) at ika-9 (siyam) na baitang?

Ang pag-ulat ng NBP ay magbibigay-alam sa naisagawa ng estudyante sa lahat ng baitang pampaaralan, na magpapatibay sa kaalaman ng PPN.

Ang pag-ulat ng NBP ay magbibigay-alam sa pagpapatupad ng maraming estudyanteng hindi kumuha ng PPN.

Magagamit ng mga guro ang PPN bilang isang katunayan, kasama ng iba pang nakuhang katibayan sa loob ng isang taong pampaaralan, para masuri ang naisagawa ng mga estudyante sa bungang aralin at matukoy ang kanilang NBP.

Ang ulat ng mga gurong NBP sa mga estudyante ay pangkalahatang tumutugma sa bunga ng PPN. Ngunit, sa mga ibang estudyante, ang NBP na ginawa ng guro ay maaaring hindi kapareho ng resulta ng PPN. Maaaring suriin ng mga guro ang lahat ng bungang aralin sa isang baitang pampaaralan.

© Calgary Board of Education 2007

Ang maaari lang suriin ng PPN ay ang mga bunga ng mga iksameng nakasulat, at marami pang bagay na maaring makatulong sa pagganap ng estudyante sa araw ng iksamen.

Kung nangangailangan ng karagdagang kaalaman, pumunta lamang sa:
http://www.education.gov.ab.ca/ipr/gla/

Calgary Board of Education

Prepared by Educational Support Services
with the assistance of
Communications Services

2008-143

GLAR / Tagalog Translation